BACK SIDE / PLEASE, INCLUDE YOUR DESIGN ON THIS KEYLINE

10 mm 20 mm 690 mm 720 mm

Drospirenone

Slinda

4mg Film-Coated Tablet
Hormonal Contraceptive

Rx

Read all of this leaflet carefully before you start taking this medicine because it contains important information for you.
Basahin nang mabuti ang lahat ng nakasulat sa babasahing ito bago inumin ang gamot dahil mayroong mahahalagang impormasyon para sa iyo.

- Keep this leaflet. You may need to read it again.
  Itago ang babasahing ito sakaling kailanganin mong basahing muli.
- If you have any further questions, ask your doctor or pharmacist.
  Kung mayroon kang karagdagan na katanungan, kausapin mo ang iyong doktor o pharmacist.
- This medication has been prescribed for you only. Do not pass it on to others. It may harm them.
  Inireseta ang gamot na ito para sa iyo lamang. Huwag mo itong ipapasa sa iba dahil maaari itong makasama sa kanila.
- If you get any side effects, talk to your doctor or pharmacist. This includes any possible side effects not listed in this leaflet. See Section 4.
  Kung makaramdam ka ng ibang mga epekto, kausapin mo ang iyong doktor o pharmacist. Maaaring magkaroon ng ibang mga epekto na hindi naisama sa babasahing ito, pakitingnan ang seksyon 4.

WHAT IS IN THIS LEAFLET ***ANO ANG NILALAMAN NG BABASAHING ITO?***

1. **What Drospirenone (Slinda) is and what it is used for**
   Ano ang Drospirenone at ano ang gamit nito
2. **What you need to know before you take Drospirenone (Slinda)**
   Ano ang dapat mong malaman bago ka uminom ng Drospirenone (Slinda)
3. **How to take Drospirenone (Slinda)**
   Paano iinumin ang Drospirenone (Slinda)
4. **Possible side effects**
   Maaaring ibang mga epekto sa katawan
5. **How to store Drospirenone (Slinda)**
   Paano itatago ang Drospirenone (Slinda)
6. **Contents of the pack and other information**
   Mga nilalaman ng pakete at iba pang mga impormasyon

1. What Drospirenone (Slinda) is and what it is used for ***Ano ang Drospirenone at ano ang gamit nito***

Drospirenone (Slinda) is a contraceptive pill and is used to prevent pregnancy. Each blister of Drospirenone (Slinda) contains 24 white tablets, also called active tablets, and 4 green tablets, also called placebo tablets, that do not contain active substance. The two differently coloured tablets are arranged in order.
Ang Drospirenone (Slinda) ay isang kontraseptibong pildoras at ginagamit upang maiwasan ang pagbubuntis. Ang isang banig o blister ng Drospirenone (Slinda) ay naglalaman ng 24 na kulay puting pildoras na tinatawag ding aktibong tabletas. Kasama rin ang apat na kulay berdeng tabletas na tinatawag namang plasibong pildoras na hindi naglalaman ng aktibong sangkap. Nakahanay ng maayos ang dalawang magkaibang uri ng may kulay na pildoras.

Each of the 24 white active tablets contains a small amount of one type of female sex hormone, the progestogen drospirenone. For this reason Drospirenone (Slinda) is called a progestogen-only-pill (POP). Contrary to the combined pills, POPs don't contain any oestrogen hormone next to the progestogen. For this reason, Drospirenone (Slinda) can be used by women who do not tolerate oestrogens.
Ang bawat isa sa 24 na tableta ay naglalaman ng kaunting sukat ng isang uri ng pambabaeng hormone, ang progestogen drospirenone na nasa bawat isang puting aktibong tableta. Dahil dito, tinatawag na progestogen-only-pill (POP) ang Drospirenone (Slinda). Salungat sa pinagsanib na pildoras, hindi kasi naglalaman ng oestrogen hormone kasunod ng progestogen ang POP's. Dahil dito, maaaring gamitin ang Drospirenone (Slinda) ng mga babaeng hindi umiinom ng mga oestrogen.

Drospirenone (Slinda) provides high contraceptive efficacy. The contraceptive effect of Drospirenone (Slinda) is based on the inhibition of ovulation, changes in the cervical mucus and effects on the endometrium, which becomes thinner.
Ang Drospirenone (Slinda) ay nagtataglay ng mataas na bisa bilang kontraseptib. Ang kontraseptibong epekto ng Drospirenone (Slinda) ay batay sa pagpigil ng ovulation, pagbabago sa cervical mucus at epekto nito sa endometrium kung saan ito ay numinipis.

A disadvantage is that vaginal bleeding may occur at irregular intervals during the use of Drospirenone (Slinda). You also may not have any bleeding at all.
Maaaring magkaroon ng hindi regular na pagdurugo ang ari ng babae habang umiinom ng Drospirenone. (Slinda). Maaari rin naman na hindi makaranas ng pagdurugo.

2. What you need to know before you take Drospirenone (Slinda) ***Ano ang dapat mong malaman bago ka uminom ng Drospirenone (Slinda)?***
Do not take Drospirenone (Slinda): ***Huwag iinom ng Drospirenone (Slinda):***
- if you are allergic to drospirenone or any of the other ingredients of this medicine (listed in section 6).
  Kung ikaw ay allergic sa Drospirenone o anumang iba pang sangkap ng gamot (Nakalista sa Seksyon 6).
- if you have a blood clot in a blood vessel e.g. of the legs (deep venous thrombosis) or of the lungs (pulmonary embolism).
  Kung mayroon kang namuong dugo halimbawa sa binti (deep venous thrombosis) o sa baga (pulmonary embolism).
- if you have or have had a liver disease and your liver function is still not normal.
  Kung mayroon o nagkaroon na ng sakit sa atay at hindi na ito gumagana ng normal
- if your kidneys are not working well (renal failure).
  Kung hindi gumagana nang maayos ang bato (pagpalya ng bato o renal failure)
- If you have reduced adrenal gland function (adrenal insufficiency).
  Kung nabawasan ang kakayahan ng iyong adrenal gland (adrenal insufficiency).
- if you have or are suspected to have a cancer that is sensitive to sex-steroids, such as certain types of breast cancer.
  Kung mayroon na o pinaghihinalaang pa lang na may kanser na sensitibo sa sex-steroids, tulad ng ibang uri ng kanser sa suso.
- if you have any unexplained vaginal bleeding.
  Kung may hindi maipaliwanag na pagdurugo sa pwerta o ari ng babae

If any of these conditions appear when using Drospirenone (Slinda), stop taking this medicine immediately and contact your doctor.
Kung nakitaan ng alinman sa mga kondisyon na ito habang gumagamit ng Drospirenone (Slinda), ihinto kaagad ang pag-inom at kontakin ang iyong doktor.

Warnings and precautions ***Mga Babala at Pag-iingat***
Drospirenone (Slinda), like other hormonal contraceptives, does not protect against HIV (Human Immunodeficiency Virus) infection, AIDS (Autoimmune Deficiency Syndrome) or any other sexually transmitted disease.
Ang Drospirenone (Slinda) katulad ng ibang kontraseptibong hormonal ay hindi kayang mapigilan ang impeksyon dulot ng HIV (Human Immunodeficiency Virus), AIDS (Autoimmune Deficiency Syndrome) at iba pang nakakahawang sekswal na mga sakit.

Talk to your doctor before starting to use Drospirenone (Slinda) if any of the following conditions apply to you:
Kumonsulta sa iyong dockor bago simulan ang paggamit ng Drospirenone (Slinda) kung ang mga sumusunod ay maaaring angkop sa iyo:
- you have ever had a thrombosis (formation of a blood clot in a blood vessel).
  nagkaroon ka ng thrombosis (pamumuo ng dugo sa daluyan nito)
- you have liver cancer, if you have jaundice (yellowing of the skin) or liver disease and your liver is not working normally.
  mayroon kang kanser sa atay, naninilaw ang iyong balat (jaundice) o may sakit ka sa atay at hindi ito gumagana ng normal
- you have ever had breast cancer. *nagkaroon ka ng kanser sa suso*
- you have or have had chloasma (yellowish-brown pigmentation patches on the skin, particularly on the face); if this is the case, you will need to avoid exposure to the sun or ultraviolet radiation during treatment with Drospirenone (Slinda).
  nagkaroon ka o mayroon kang patse-patseng kulay kape na madilaw sa iyong balat lalo na sa mukha; kung may ganito ka, kailangan mong iwasan ang pagbibilad sa araw o ultra violet radiation habang gumagamit ka ng Drospirenone (Slinda)
- diabetes. *diabetes*
- you have high blood pressure. *alta presyon o mataas na presyon ng dugo*
- your kidneys are not working well, as your doctor will do a blood test to check potassium levels during the first cycle.
  hindi gumagana nang maayos ang iyong bato, kailangang gumawa ang iyong doktor ng pagsusuri sa iyong dugo para sa antas ng potassium sa una pa lamang siklo ng paggamit.

If you suffer a worsening or first appearance of any of these conditions, you should contact your doctor. Your doctor should then decide whether you should stop taking Drospirenone (Slinda) and may advice you to use a non-hormonal method of birth control.
Kung matindi ang iyong naranasan o nagkaroon ng unang pagpapakita ng mga kondisyong nabanggit, kailangan mong kontakin ang iyong doktor. Siya ang magpapasya kung itutuloy o ihihinto mo na ang paggamit ng Drospirenone (Slinda). Mapapayuhan ka rin niya na gumamit ng non-hormonal na paraan ng pagpigil sa pagbubuntis

Breast cancer Kanser sa suso
Regularly check your breasts and contact your doctor as soon as possible if you feel any lump in your breasts.
Regular na eksaminin ang iyong suso at kontakin ang iyong doctor sa lalong madaling panahon kung nakakaramdam ka na parang may bukol ka sa iyong suso.

Breast cancer has been found slightly more often in women who take the combined Pill than in women of the same age who do not take the combined Pill. If women stop taking the combined pill, the risk gradually decreases, so that 10 years after stopping the risk is the same as for women who have never taken the combined Pill.
Napag-alaman na ang kanser sa suso ay mas bahagyang nakikita sa mga babaeng magkakapareho ang edad na gumagamit ng magkasanib na pildoras. Kung dahan-dahang ihihinto ng mga babae ang paggamit ng magkasanib na pildoras, ang panganib ay dahan -dahan ding mababawasan kaya sa sampung taon pagkatapos tumigil, ang panganib ay kapareho na lamang ng mga babaeng hindi uminom ng magkasanib na pildoras.

Breast cancer is rare under 40 years of age. Breast cancers found in women who take the combined Pill, seem less likely to spread than breast cancers found in women who do not take the combined Pill. It is not known whether the difference in breast cancer risk is caused by the combined Pill. It may be that the women were examined more often, so that the breast cancer is noticed earlier.
Bihira ang kanser sa suso sa edad na hindi baba sa apatnapung taon (40). Ang kanser sa suso na nakikita sa mga babaeng umiinom ng pinagsanib na pildoras ay mas hindi kumakalat kumpara sa kanser sa suso ng mga umiinom ng hindi pinagsanib na pildoras. Hindi alam kung ang pagkakaiba ng panganib sa kanser sa suso ay dulot ng pinagsanib na pildoras. Marahil mas malimit na eksaminin ang mga babae ng mas maaga kaya agad nakitaan sila ng kanser sa suso.

The risk of breast cancer in users of progestogen-only preparations like Drospirenone (Slinda) is believed to be similar to that in women who use the combined Pill, but the evidence is less conclusive.
Ang panganib ng kanser sa suso sa mga gumagamit ng progestogen lamang na pildoras (POP) tulad ng Drospirenone (Slinda) ay pinaniniwalaang pareho lamang sa mga babaeng gumagamit ng pinagsanib na pildoras ngunit ang ebidensya ay kulang pa para mas makatiyak.

Thrombosis (formation of a blood clot in a blood vessel) Thrombosis (Pamumuo ng dugo sa daluyan nito)
See your doctor immediately, if you notice possible signs of a thrombosis (see also 'Regular check-ups').
Kumonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakakita ng mga posibleng senyales ng thrombosis (Tingnan din ang "Regular na check -ups "o pagkonsulta)

Thrombosis is the formation of a blood clot, which may block a blood vessel. A thrombosis sometimes occurs in the deep veins of the legs (deep venous thrombosis). If this clot breaks away from the veins where it is formed, it may reach and block the arteries of the lungs, causing a so-called "pulmonary embolism". As a result, fatal situations may occur.
Ang thrombosis ay pamumuo ng dugo na maaaring bumara sa daluyan nito. Kung minsan, ang thrombosis ay maaaring makita sa malalalim na daluyan ng dugo sa binti (deep venous thrombosis). Kapag ang namuong dugo ay matanggal mula sa bahaging pinagmulan nito, maaaring makarating ito at bumara sa daluyan ng dugo na nasa baga at magdulot ng tinatawag na "pulmonary embolism". Maaaring magdulot ng malubhang sitwasyon.

There may be a slightly increased risk of thrombosis with progestogen-only preparation. The risk of thrombosis is higher if a member of your family (a sibling or a parent) has had thrombosis at an relatively early age, with increasing age, obesity, prolonged immobilization, major surgery or major trauma. There is no apparent risk of having a heart attack or stroke (a blood clot in the brain) with a progestogen-only preparation. The risk is rather related to increasing age, increase in blood pressure and smoking. The risk of stroke may be slightly increased in women with high blood pressure when taking progestogen-only preparation. *Maaaring magkaroon ng bahagyang pagtaas ng panganib sa thrombosis gamit ang progestogen lamang na pildoras. Mas mataas ang panganib kung ang miyembro ng pamilya (kapatid o magulang) ay nagkaroon ng thrombosis noong murang edad pa lamang, mas nagkakaedad, mataas ang timbang, matagal na hindi pagkilos, matinding operasyon o matinding trauma. Wala namang nakikitang panganib ng pagkakaroon ng atake sa puso o istrok (pamumuo ng dugo sa utak) gamit ang progestogen lamang na pildoras. Ang panganib ay mas iniuugnay sa mas nagkakaedad, mataas na presyon ng dugo at paninigarilyo. Ang panganib ay bahagya ring iniuugnay sa mga babaeng may mataas ang presyon ng dugo habang umiinom ng progestogen lamang na pildoras.*

Psychiatric disorders Sakit sa isipan
Some women using hormonal contraceptives including Drospirenone (Slinda) have reported depression or depressed mood. Depression can be serious and may sometimes lead to suicidal thoughts. If you experience mood changes and depressive symptoms contact your doctor for further medical advice as soon as possible.
Mayroong mga ilang kababaihan na gumagamit ng kontraseptibong hormonal kasama na ang Drospirenone (Slinda) ang nag-ulat ng depresyon o labis na kalungkutan. Maaaring malubha ang depresyon na posibleng makapag-isip ng pagpapakamatay. Kontakin ang iyong doktor sa lalong madaling panahon kung makakaranas ka ng ganitong pagbabago sa sarili at ng mga sintomas ng depresyon para sa mga payong medikal.

Medical examination Eksaminasyong Medikal
Before you start taking Drospirenone (Slinda) for the first time or if you re-start the treatment after some time of not taking it, your doctor will ask you some questions about your health and will do a complete physical examination, including blood pressure measurements. Your doctor will tell you how often you should go for control visits.
Bago ka magsimulang uminom ng Drospirenone (Slinda) sa kauna-unahang pagkakataon o kung nagsimula kang muli matapos mong ihinto ang paggamit nito, tatanungin ka ng doktor tungkol sa iyong kalusugan at gagawan ka ng kumpletong pisikal na eksaminasyon kasama rito ang pagsukat ng presyon ng iyong dugo. Sasabihin din sa iyo ng doktor kung gaano ka kadalas pupunta para sa kontroladong pagbisita.

Children and adolescents ***Mga Bata at Tinedyer***
Drospirenone (Slinda) is used after menarche (the first menstrual bleeding of a woman).
Ang Drospirenone (Slinda) ay ginagamit pagkatapos ng menarche (unang pagkakaroon ng buwanang dalaw ng isang babae).

Other medicines and Drospirenone (Slinda) ***Iba pang mga gamot at ang Drospirenone (Slinda)***
Tell your doctor or pharmacist if you are taking, have recently taken or might take any other medicines. They can tell you if you need take additional contraceptive precautions (for example condoms) and if so, for how long, or whether the use of another medicine you need must be changed.
Ipagbigay alam sa iyong doktor o pharmacist kung ikaw ay umiinom, kakainom pa lamang o may iniinom na iba pang mga gamot. Masasabi nila kung kailangan mo pa ng karagdagang kontraseptibong pag-iingat (halimbawa, condom) at kung kailangan, gaano katagal o kung ang pag-inom mo ng ibang gamot ay kailangang baguhin.

Some medicines: *Mga ibang gamot:*
- can have an influence on the blood levels of Drospirenone (Slinda)
  ay maaaring maka-impluwensya sa antas ng Drospirenone sa dugo (Slinda)
- can make it less effective in preventing pregnancy
  maaaring gawin nitong mas hindi epektibo ang pagpigil sa pagbubuntis
- can cause unexpected bleeding *maaring magdulot ng hindi inaasahang pagdurugo*

These include medicines used for the treatment of:
Ang mga kasamang gamot na ginagamit na panlunas ay ang mga sumusunod:
- epilepsy (e.g. primidone, phenytoin, barbiturates, carbamazepine, oxcarbazepine, felbamate, topiramate);
  epilepsy (hal. Primidone, phenytoin, barbiturates, carbamazepine, oxcarbazepine, felbamate, topiramate);
- tuberculosis (e.g. rifampicin); *tuberculosis (hal. rifampicin);*
- HIV infections (e.g. ritonavir, nelfinavir, nevirapine, efavirenz);
  Mga impeksyong dulot ng HIV (hal. ritonavir, nelfinavir, nevirapine, efavirenz);
- Hepatitis C Virus infections (e.g. boceprevir, telaprevir);
  Mga impeksyong dulot ng Hepatitis C Virus (hal. boceprevir, telaprevir);
- other infections (griseofulvin); *Iba pang mga impeksyon (griseofulvin);*
- high blood pressure in the blood vessels in the lungs (bosentan);
  Mataas na presyon ng dugo sa daluyan nito sa baga (bosentan);
- depressive mood (the herbal remedy St. John's wort);
  pagkalungkot ng sarili (ang herbal na panglunas St. John's Wort);
- certain bacterial infections (e.g. clarithromycin, erythromycin);
  Iba pang impeksyon sanhi ng bakterya (hal. clarithromycin, erythromycin);
- fungal infections (e.g. fluconazole, itraconazole, ketoconazole, voriconazole);
  Impeksyon sanhi ng fungi (hal, fluconazole, itraconazole, ketoconazole, voriconazole);
- high blood pressure (hypertension), angina or certain heart rhythm disorders (e.g. diltiazem)
  Mataas na presyon ng dugo (hypertension), angina o iba pang sakit na may kinalaman sa problema sa ritmo at pagtibok ng puso (hal. diltiazem)

If you are taking medicines in a short-term treatment that might make Drospirenone (Slinda) less effective, a barrier contraceptive method should also be used. Since the effect of another medicine on Drospirenone (Slinda) may last up to 28 days after stopping the medicine, it is necessary to use the additional barrier contraceptive method for that long. Your doctor can tell you if you need to take additional contraceptive precautions and if so, for how long. If you are taking medicines or herbal products beyond the end of the white active tablets, discard the green placebo tablets and start the next pack right away.
Kung umiinom ka ng gamot nang pandalian lamang, maaari nitong mabawasan ang epekto ng Drospirenone (Slinda), kaya maaring gumamit ka ng pangharang na kontraseptib. Dahil ang epekto ng ibang gamot sa Drospirenone (Slinda) ay maaaring tumagal ng hanggang 28 araw matapos itigil ang pag-inom ng gamot, kailangan ng karagdagang paraan ng kontraseptib ng ganoong katagal. Maaaring magbigay ng payo sa iyo ang iyong doktor kung kailangan mo ng karagdagang kontraseptib at kung hanggang kailan. Kung umiinom ka ng gamot o produktong herbal nang lampas sa huli mong pag-inom ng puting tabletas, itapon na ang berdeng tabletas na placebo at simulan na kaagad ang kasunod na pakete.

If you are taking medicines in a long-term treatment that might make Drospirenone (Slinda) less effective, your doctor may advise you to use a non-hormonal method of birth control.
Kung umiinom ka ng gamot na pangmatagalan naman na maaring makabawas sa epekto ng Drospirenone (Slinda) maaaring payuhan ka ng doktor na gumamit ng hindi hormonal na pampigil sa pagbubuntis.

Drospirenone (Slinda) may also interfere with how other medicines work e.g:
Maaari ring makaapekto ang Drospirenone (Slinda) sa bisa ng iba pang mga gamot, hal:
- ciclosporine used to prevent rejection of transplanted organs (the effect may be increased)
  ciclosporine na ginagamit na pigilan ang hindi pagtanggap ng organong inilipat (maaring tumaas ang epekto)
- lamotrigine used for epilepsy (the effect may be decreased)
  lamotrigine na ginagamit sa epilepsy (maaring bumaba ang epekto)
- certain diuretics (aldosterone antagonists, potassium-sparing diuretics).Your doctor may recommend a blood test to check potassium levels during the first treatment cycle with Drospirenone (Slinda).
  Iba pang pampaihi (aldosterone antagonists, potassium-sparing diuretics). Maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng pagsusuri sa dugo upang makita ang antas ng potassium sa unang siklo ng paglunas gamit ang Drospirenone (Slinda).

Drospirenone (Slinda) with food and drink ***Drospirenone (Slinda) kasama ng pagkain at inumin***
Avoid grapefruit or grapefruit juice while you are taking Drospirenone (Slinda).
Iwasan ang grapefruit o ang katas nito habang umiinom ka ng Drospirenone (Slinda)

Pregnancy and breast-feeding ***Pagbubuntis at Pagpapasuso***
Pregnancy Pagbubuntis
Do not use Drospirenone (Slinda) if you are pregnant, or think you may be pregnant. Use of Drospirenone (Slinda) prior or during pregnancy has not shown to increase risk of birth defects. However, undesirable effects cannot be excluded.
Huwag uminom ng Drospirenone (Slinda) kung ikaw ay nagdadalangtao o sa palagay mo ay buntis ka. Ang paggamit ng Drospirenone (Slinda) bago o habang nagdadalangtao ay hindi nagpakita na magkaroon ng mataas na panganib o depekto sa sanggol (birth defects). Subalit may mga hindi kaaya-ayang epekto na hindi maiiwasan.

Breast-feeding Pagpapasuso
Drospirenone (Slinda) may be used while you are breast-feeding. No effects on the breastfed newborns/infants are anticipated. However, very small amounts of drospirenone are excreted in the breast milk.
Ang Drospirenone (Slinda) ay maaaring inumin habang nagpapasuso.Walang epekto sa mga bagong silang na sanggol ang sadyang inaasahan. Subalit napakaunti lamang porsyento ng Drospirenone (Slinda) ang makikita sa gatas ng ina.

Driving and using machines ***Pagmamaneho at Paggamit ng mga Makina***
No effects on ability to drive and use machines are observed in users of oral hormonal contraceptives, although no studies have been performed with Drospirenone (Slinda).
Wala namang epekto sa kakayahang magmaneho at gumamit ng makina ang naobserbahan sa mga gumagamit ng kontraseptibong iniinom (oral) pero wala rin namang pag-aaral na naisagawa na sa Drospirenone (Slinda)

Drospirenone (Slinda) contains lactose ***Lactose na nasa Drospirenone (Slinda)***
If you have been told by your doctor that you have an intolerance to some sugars, contact your doctor before taking this medicinal product.
Kung sinabihan ka ng iyong doktor na mahina ang iyong kakayahan sa ibang sugars, kontakin ang iyong doktor bago ka uminom nitong gamot na ito.

Regular check-ups ***Regular na Konsulta***
When you are using Drospirenone (Slinda), your doctor will tell you to return for regular check-ups. In general, the frequency and nature of these check-ups will depend on your personal situation.
Sasabihan ka ng iyong doktor na regular na magpakonsulta kung gumagamit ka ng Drospirenone (Slinda). Sa pangkalahatan, ang dalas at uri ng mga konsultasyong ito ay nakabatay sa pansariling sitwasyon.

Contact your doctor as soon as possible if: Kumonsulta sa iyong doktor sa lalong madaling panahon kung:
- you have severe pain or swelling in either of your legs, unexplained pains in the chest, breathlessness, an unusual cough, especially when you cough up blood (possibly indicating a thrombosis);
  may nararamdaman kang matinding kirot sa kaliwa o kanan mong binti, hindi maipaliwanag na kirot sa dibdib, kinakapos ng paghinga, hindi karaniwang ubo lalo na kung may kasamang dugo (maaaring nagpapakita ng thrombosis).
- you have a sudden, severe stomach ache or look jaundiced (you may notice yellowing of the skin and the whites of the eyes or dark urine, possibly indicating liver problems);
  mayroon kang biglaan at matinding sakit ng tiyan o naninilaw ka (mapapansin ang paninilaw ng balat at sa puti ng mata o maitim na ihi na nagpapakita ng may posibleng problema sa atay)
- you feel a lump in your breast (possibly indicating breast cancer);
  may nakakapa kang bukol sa iyong suso (maaaring nagpapahiwatig ng kanser sa suso)
- you have a sudden or severe pain in the lower abdomen or stomach area (possibly indicating an ectopic pregnancy, this is a pregnancy outside the womb);
  may biglaan at matinding kirot sa ibabang bahagi ng iyong tiyan (maaaring nagpapahiwatig ng pagbubuntis sa labas ng matres (ectopic pregnancy))
- you are to be immobilised or are to have surgery (consult your doctor at least four weeks in advance);
  kailangang hindi ka gagalaw o ma-ooperahan ka (Kumonsulta sa iyong doktor ng hindi baba sa apat na linggo o isang buwan bago pa ang operasyon);
- you have unusual, heavy vaginal bleeding;
  May hindi pangkaraniwang pagdurugo sa pwerta o ari ng babae;
- you suspect that you are pregnant.
  May kutob ka na ikaw ay nagdadalangtao o buntis.

3. How to take Drospirenone (Slinda) ***Paano mo iinumin ang Drospirenone (Slinda)***
Always take this medicine exactly as your doctor has told you. Check with your doctor or pharmacist if you are not sure.
Palaging inumin ang gamot ayon sa sinabi ng iyong doktor. Siguruhin ito sa iyong doktor o pharmacist.

Each blister of Drospirenone (Slinda) contains 24 white active tablets and 4 green placebo tablets. The two differently coloured tablets are arranged in order.
Ang isang banig ng Drospirenone (Slinda) ay naglalaman ng 24 na kulay puting aktibong tabletas kasama ang apat na kulay berdeng plasibong tabletas. Nakahanay ng maayos ang dalawang uri ng may kulay na tabletas.

Take one tablet of Drospirenone (Slinda) every day with a little water if necessary. You may take the tablets with or without food (See section "Drospirenone (Slinda) with food and drink"). You must take the tablets everyday around the same time of the day so that the interval between two tablets is always 24 hours.
Uminom ng isang tableta ng Drospirenone (Slinda) araw-araw kasabay ng kaunting tubig kung kailangan. Maaari mo itong inumin ng may laman ang tiyan o wala (Tingnan ang seksyon: (Drospirenone (Slinda) na may pagkain at inumin") Kailangan mong inumin ang tableta araw-araw sa kaparehong oras para ang pagitan ng iyong pag-inom sa bawat araw ay palaging 24 na oras.

Do not confuse the tablets: Because of the different composition of the tablets it is necessary to begin with the first white tablet on the upper left and to take the tablets every day. For the correct order, follow the direction of the arrows and the sequence of numbers on the blister.
Huwag malilito sa tabletas: *Dahil sa iba't-ibang komposisyon ng tableta, kailangan na magsimula ka sa puting tableta na nakamarka sa kaliwang panig at inumin ito araw-araw. Para sa tamang pagkakasunod-sunod, sundin ang direksyon ng mga arrow at ng magkakasunod na bilang sa banig.*

The first tablet of the treatment should be taken on the first day of menstrual bleeding.
Thereafter tablet taking is continous. Take a white active tablet for the first 24 days and then a green placebo tablet for the last 4 days. You must then start a new pack straightaway without a break in daily tablet intake. There is therefore no gap between two packs.
Ang unang tableta sa gamutan ay kailangang inumin sa unang araw pa lang ng pagreregla. Pagkatapos nito, ang pag-inom ng tableta ay kailangang tuloy-tuloy. Uminom ng puting tableta sa unang 24 na araw at pagkatapos ay isunod ang apat na may berdeng tabletas na plasibo nang walang palya. Pagkatapos ay magsimula uling inumin ang nasa bagong pakete. Samakatuwid, tuloy-tuloy lang ang pag-inom sa pagitan ng dalawang pakete.

You may have some bleedings during the use of Drospirenone (Slinda), or you may also have no bleeding at all, but you must continue to take your tablets as normal without interruption.
If you use Drospirenone (Slinda) in this manner, you are protected against pregnancy also during the 4 days when you are taking a placebo tablet.
Maaaring magkaroon ka ng kaunting pagdurugo habang umiinom ka ng Drospirenone (Slinda), o maaari rin namang walang pagdurugo. Pero tuloy-tuloy mo lamang inumin ng walang pagtigil. Kung iinumin mo ang Drospirenone (Slinda) sa ganitong paraan, mapipigilan ka sa iyong pagbubuntis kahit pa apat na araw ka pang umiinom ng plasibo na tableta .

Preparation of the blister ***Paghahanda ng Banig***
To help you keep track, 7 week stickers each with the 7 days of the week are provided into the pack. Choose the week sticker that starts with the day you begin taking the tablets (for example, if you start on a Thursday, use the week sticker that starts with "THR") and place it on the blister card over the words "Place day label here" so that the first day is above the tablet marked "START". There is now a day indicated above every tablet and you can see whether you have taken a certain pill. The arrows and the consecutive numbers show the order you are to take the pills.
Para mas matulungan ka sa regular na pag-inom, may kasamang 7 sticker ang pakete para sa bawat isang araw sa buong isang linggo. Piliin ang sticker para sa linggo na nagsimula ka sa araw na iyon. Halimbawa, araw ng Huwebes ka nagsimulang uminom, gamitin ang linggunhang sticker na ang nagsisimula sa "THR"at ilagay ito sa blister card na may nakasulat na "Ilagay ang araw dito"para ang unang araw ay makikita mo sa itaas ng tableta na may markang "SIMULA". Mayroon na ngayong araw na nakasulat sa itaas ng tableta para makita mo kung nakainom ka na ng nararapat na tableta. Ang arrow at mga sunod-sunod na mga bilang ay nagpapakita ng pagkakasunodsunod ng mga pildoras.

Starting your first pack of Drospirenone (Slinda) ***Pagsisimula ng unang pakete ng Drospirenone (Slinda)***
- *If you have not used a hormonal contraceptive in the previous month Kung hindi ka pa nakagamit ng kontraseptibong hormonal ng mga nakalipas na buwan*

Begin with Drospirenone (Slinda) on the first day of your period. When doing so, you are immediately protected against pregnancy and you do not need to use extra protective measures such as a condom.
Magsimula ng Drospirenone (Slinda) sa unang araw ng iyong buwanang dalaw. Kapag ginawa mo ito, tiyak na mabilis na mapipigilan ang iyong pagbubuntis at hindi mo na kailangan pang gumamit ng karagdagang proteksyon tulad ng condom.
- *When changing from a combined pill, vaginal ring or transdermal patch Kung magpapalit mula sa combined pill, vaginal ring o transdermal patch*

You should start Drospirenone (Slinda) on the day after the last active tablet (the last tablet containing the active substances) of your previous pill or on the day of removal of your vaginal ring or transdermal patch (this means no tablet-, ring- or patch-free break). If you follow these instructions, additional contraceptive precautions are not necessary.
Maaari ka ring magsimula ng Drospirenone (Slinda) sa araw pagkatapos ng huling aktibong tableta (huling tableta na may aktibong sangkap) ng dati mo pang iniinom na gamot o sa araw na tinanggal ang iyong vaginal ring o transdermal patch (ibig sabihin, walang tablet-, ring-, o patch-free break). Kung susundin mo ang panuntunan, hindi mo na kakailanganin ng karagdagang kontraseptib.
You can also start Drospirenone (Slinda) at the latest on the day following the usual tablet-, ring-, patch-free break or placebo interval of your previous contraceptive. In this case, make sure you use an additional barrier method of contraception for the first 7 days of Drospirenone (Slinda) taking.
Maaari ka ring magsimula ng Drospirenone (Slinda) sa huling araw kasunod ng dati mo pang tablet, ring, patch-free break o interval ng plasibo mula sa dati mo pang kontraseptib. Sa ganitong kaso, siguruhin na gagamit ka ng dagdag na pampigil sa pagbubuntis sa buong unang ika-pitong araw ng pag-inom mo ng Drospironone (Slinda).
- *When changing from another progestogen-only pill (POP) Kung magpapalit ka mula sa ibang progestogen-only pill (POP)*

You may switch any day from other POP and start taking Drospirenone (Slinda) the next day. Additional contraceptive precautions are not necessary.
Maaari kang lumipat anumang araw mula sa ibang POP at magsimula kang uminom ng Drospirenone (Slinda) sa susunod na araw. Walang karagdagang pag-iingat na kontraseptibo ang kinakailangan.
- *When changing from a progestogen-only- injection or implant or from a progestogen-releasing intrauterine system (IUS) Kapag nagpapalit mula sa progestogen lamang na iniksyon o implant o mula sa progestogen -releasing intrauterine system (IUS)*

You should start Drospirenone (Slinda) the day when the next injection is due or on the day that your implant or your IUS is removed. Additional contraceptive precautions are not necessary.
Kailangan mong magsimula ng Drosperinone (Slinda) sa araw ng sunod na iniksyon o doon sa araw na aalisin na ang iyong implant o intrauterine system. Walang karagdagang pag-iingat na kontraseptibo ang kinakailangan.
- *After having a baby Pagkatapos makapanganak*

You can start Drospirenone (Slinda) any day between day 21 to 28 after having your baby. If you start later than day 28 but before the menstruation have returned, you must be sure that you are not pregnant and you must use a barrier method as a condom until you have completed the first 7 days of tablet-taking.
Maaari kang magsimula anumang araw sa pagitan ng 21 hanggang 28 araw pagkatapos mong makapanganak. Kung magsimula ka ng lampas sa 28 araw pero bago pa bumalik ang buwanang regla, kailangang makatiyak na hindi ka buntis at kailangan mong gumamit ng pampigil sa paraan (barrier method) tulad ng condom hanggang sa makumpleto mo ang unang pitong araw ng pag-inom mo ng mga tableta.
Information for breast-feeding women can be found in section 2 (Pregnancy and breast-feeding).
Ang mga impormasyon para sa mga nagpapasusong ina ay matatagpuan sa Seksyon 2 (Pagbubuntis at Pagpapasuso).
- *After miscarriage or an abortion Pagkatapos makunan o aborsyon*

You should follow the advice of your doctor.
Kailangang sundin mo ang payo ng iyong doktor.

Ask your doctor if you are still not sure when to start. *Tanungin mo rin ang iyong doktor kung hindi ka sigurado kung kailan ka dapat magsimula.*

If you take more Drospirenone (Slinda) than you should ***Kung nakainom ka ng maraming Drospirenone at salungat sa dapat na bilang***
There have been no reports of serious harmful effects from taking too many Drospirenone (Slinda) tablets at one time. Symptoms that may occur are nausea, vomiting and slight vaginal bleeding. However, in case of overdose, ask your doctor for advice because blood tests should be done.
Wala namang masamang naiulat na seryoso at masamang epekto sa pag-inom ng marami nitong Drospirenone (Slinda). Ang mga sintomas na maaaring makita ay ang pagkahilo, pagsusuka at bahagyang pagdurugo ng pwerta o ari ng babae. Ngunit kung sakaling masobrahan ka ng ininom, kumonsulta sa iyong doktor sakaling kailanganin ang pagsusuri ng dugo.

If you forget to take Drospirenone (Slinda) ***Kung makalimutan ang pag-inom ng Drospirenone (Slinda)***
You must take the tablets everyday around the same time of the day so that the interval between two tablets is always 24 hours. If you are less than 24 hours late in taking any single tablet, take the missed tablet as soon as it is remembered and take the next tablet at the usual time, even if this means taking two tablets at the same time. If you are more than 24 hours late in taking any white active tablet, take the missed tablet as soon as it is remembered, even if this means taking two tablets at the same time, and use an additional method of contraception (such as a condom) for the next 7 days. Then, continue taking the tablets at your usual time. The more consecutive tablets you have missed, the higher the risk that the contraceptive efficacy is decreased.
Kailangan mong inumin ang tableta araw-araw sa kaparehong oras para ang pagitan ng iyong pag-inom sa bawat araw ay palaging 24 oras. Kung nahuli ka sa iyong pag-inom ng isang anumang tableta ng hindi lalagpas ng 24 oras, inumin mo kaagad ang tabletang iyon at sundan ito ng kasunod na tableta sa parehong dating oras ng pag-inom, kahit na kakailanganin mong uminom ng dalawang tableta ng magkasabay. Kung nahuli ka sa iyong pag-inom ng puting aktibong tableta ng lagpas ng 24 oras, inumin mo kaagad ang tabletang iyon at sundan ito ng kasunod na tableta sa parehong dating oras ng pag-inom, kahit na kakailanganin mong uminom ng dalawang tableta ng magkasabay, at gumamit ng dagdag na paraan ng kontrasepsyon (tulad ng condom) para sa susunod na pitong (7) araw. Patuloy na inumin ang mga tableta sa parehong dating oras ng pag-inom. Mas maraming sunod-sunod na araw na hindi ka nakainom, mas mataas din ang panganib na mabawasan ang bisa ng kontraseptib.

If you have forgotten a tablet in the first week starting the tablets, and you have had sex in the week before forgetting the tablet you must realize that there is a risk of pregnancy. In that case, contact your doctor.
Kung nakalimutan mong uminom ng tableta sa unang linggo na umiinom ka nito at nakipagtalik ka sa linggong iyon bago mo ito nakalimutan, dapat mong maisip na may panganib na mabuntis ka sa linggong iyon. Sa ganitong kaso, kumonsulta sa iyong doktor.

If you forgot to take the tablet **between days 15 - 24 (third or fourth row),** take the forgotten tablet as soon as you remember, even if that means that you have to take two tablets at the same time. Continue taking the white active tablets at the usual time. Instead of taking the green placebo tablets on this strip, throw them away, and start the next strip (the starting day will be different). By skipping the placebo interval, the contraceptive protection is maintained.The last 4 green tablets in the **4th row** of the strip are the placebo tablets. If you forget one of these tablets, this has no effect on the reliability of Drospirenone (Slinda). Throw away the forgotten placebo tablet.
Kung nakalimutan mong uminom ng tableta ***sa pagitan ng araw 15-24 (ikatlo at ikaapat na hanay)*** *inumin mo ang nakalimutan mong tableta kaagad na maalala mo kahit pa iinom ka ng dalawang tableta sa parehong oras. Ipagpatuloy mo ang pag-inom ng aktibong tableta sa magkakaparehong oras. Pero itapon mo ang berdeng kulay na plasibo sa naturang banig at magsimula ka na sa bagong banig (magkaiba ang simulang araw). Sa paglaktaw mo sa interval ng plasibo, mapapanatili pa rin ang bisa ng proteksyon ng kontraseptib. Ang huling kulay berdeng tabletas na nasa* ***ikaapat na hanay*** *ang mga plasibong tabletas. Kung makalimutan mong inumin ang isa sa mga ito, wala naman itong epekto sa bisa ng Drospirenone (Slinda). Itapon na lang ang nakalimutan mong inumin na plasibong tabletas.*

What to do in the case of vomiting or severe diarrhea ***Ano ang dapat gawin sa kaso ng pagsusuka at matinding pagtatae?***
If you vomit or have severe diarrhea, there is a risk that the active substance in the pill will not be fully absorbed by your body, the situation is almost the same as forgetting a tablet. In these cases, an additional method of contraception may be needed, ask your doctor for advice.
Kung nagsuka o may matinding pagtatae, may panganib na ang aktibong sangkap sa pildoras ay hindi buong naipasok sa iyong katawan. Ang sitwasyong ito ay maihahalintulad din sa pagkalimot ng pag-inom ng tableta. Sa mga ganitong kaso, karagdagang paraan ng kontrasepsyon ay kakailanganin kaya humingi ka ng payo sa iyong doktor.

If you vomit or have severe diarrhea within 3-4 hours after taking your white active tablet of Drospirenone (Slinda), you must take another white tablet from another blister pack as soon as possible. If possible, take it within 24 hours of when you normally take your pill. Additional contraceptive precautions are not necessary. If this is not possible or 24 hours have passed, you should follow the advice given in the section "If you forget to take Drospirenone (Slinda)" above.

Kung nagsuka o nagkaroon ng matinding pagtatae sa loob ng tatlo hanggang apat na oras pagkatapos inumin ang kulay puting tableta na may aktibong sangkap ng Drospirenone (Slinda), kailangan mong uminom kaagad uli ng isa pang kulay puti na tableta galing sa iba namang banig. Kung maaari, inumin mo ito sa loob ng 24 oras kung kailan ka palaging umiinom nito. Hindi na kailangan ng karagdagang paraan ng kontrasepsyon. Kung hindi ito maaring mangyari, o 24 oras na ang nakalipas, kailangan mong sundin ang payo na nakasaad sa section "Kung nakalimutan mong uminom ng Drospirenone (Slinda)" na nasa itaas.

If you stop taking Drospirenone (Slinda) ***Kung huminto ka sa pag-inom ng Drospirenone (Slinda)***
You can stop taking Drospirenone (Slinda) whenever you want. From the day you stop you are no longer protected against pregnancy. If you have any further questions on the use of this medicine, ask your doctor or pharmacist or nurse.
Maari kang huminto sa pag-inom ng Drospirenone (Slinda) anumang oras na iyong gustuhin. Mula sa araw na huminto ka ay hindi ka na protektado sa pagbubuntis. Kung may iba ka pang katanungan sa paggamit ng gamot, tanungin mo ang iyong doktor, pharmacist o nars.

4. Possible side effects ***Mga posibleng masamang epekto sa katawan***
Like all medicines, Drospirenone (Slinda) can cause side effects, although not everybody get them. Serious undesirable effects associated with the use of Drospirenone (Slinda) are described in the paragraphs 'Breast cancer' and 'Thrombosis' in section 2 'What you need to know before you take Drospirenone (Slinda)'. Please read this section for additional information and consult your doctor at once where appropriate.
Tulad din ng ibang gamot, ang Drospirenone (Slinda) ay maaaring magdulot ng ibang mga epekto pero hindi naman lahat ay nagkakaroon nito. Seryosong hindi kaaya-ayang epektong maaaring iugnay sa paggamit ng Drospirenone (Slinda) ay isinalarawan sa mga talatang "Kanser sa suso" at "Thrombosis" sa seksyon 2. Ano ang kailangan mong malaman bago ka uminom ng Drospirenone (Slinda). Pakibasa ang seksyon para sa karagdagang impormasyon at kumonsulta sa inyong doktor kaagad kung naaangkop.

Vaginal bleeding may occur at irregular intervals during the use of Drospirenone (Slinda). This may be just slight staining which may not even require a pad, or heavier bleeding, which look rather like a scanty period and requires sanitary protection. You may also not have any bleeding at all. The irregular bleedings are not a sign that the contraceptive protection of Drospirenone (Slinda) is decreased. In general, you need not take any action; just continue to take Drospirenone (Slinda). If, however, bleeding is heavy or prolonged you should consult your doctor.
Ang hindi regular o manaka-nakang pagdurugo ng pwerta ay maaaring maranasan habang umiinom ng Drospirenone (Slinda). Maaari itong isang maliit na mantsa na hindi kailangan ng pasador o yung malakas na pagdurugo na parang tulad sa patak patak na buwanang dalaw at kailangan ding gamitan ng pasador o napkin. Maaari rin namang walang anumang pagdurugo. Ang hindi regular o manaka-nakang pagdurugo ay hindi senyales na ang bisa ng Drospirenone (Slinda) ay nabawasan. Sa pangkahalatan, maaaring wala ka namang gawing aksyon bagkus ipagpatuloy mo lang ang pag-inom ng Drospirenone (Slinda). Ngunit, kung masyadong malakas ang pagdurugo at pangmatagalan, kailangan mo nang konsultahin ang iyong doktor.

If the bleeding is very frequent and irregular, another contraceptive method should be considered. If you don't have vaginal bleeding during the treatment, you may need to do a pregnancy test if you have not taken the tablets in accordance with the instructions in section 3 "How to take Drospirenone (Slinda)".
Kung ang pagdurugo ay masyado ng malimit at panaka-naka, baka kailangan mo na ng ibang paraan ng kontraseptib. Kung wala namang pagdurugo sa iyong pwerta habang ginagamit ito, kailangan mong magpasuri para sa pagbubuntis kung hindi ka nakainom ng tableta ayon sa panuntunan na nasa Seksyon 3 "Paano inumin ang Drospirenone (Slinda)".

The following side effects have been associated with the use of Drospirenone (Slinda): *Ang ibang mga epekto sa katawan na naiuugnay sa paggamit ng Drospirenone (Slinda) ay ang mga sumusunod:*
Common: may affect up to 1 in 10 people Karaniwan: may epekto sa 1 hanggang 10 katao
- headache *sakit ng ulo*
- nausea, abdominal pain *pagkaalibadbad, sakit ng tiyan*
- changes in sexual desire, altered mood
  pagbabago sa pagkagustong sekswal, pagbabago ng mood
- acne *acne*
- breast discomfort, painful periods, bleeding and irregular menstrual periods *may kirot na nararamdaman sa suso, masakit at hindi regular na buwanang dalaw*
- weight gain *pagtaas ng timbang*

Uncommon: may affect up to 1 in 100 people Hind karaniwan: may epekto sa 1 hanggang 100 katao
- anaemia (decreased number of the red blood cells), fatigue (tiredness), fluid retention
  anaemia (pagkabawas ng bilang ng selyula ng pulang dugo), pagkapagod (pagkapagal), pananatili ng likido sa katawan
- dizziness, *pagkahilo,*
- vomiting, diarrhea, constipation *pagsusuka, pagtatae, pagtitibi*
- vaginal infections *impeksyon sa pwerta o ari ng babae*
- increased amount of the following, shown in blood tests: potassium, liver enzymes (ALT, AST, GGT), bilirubin, creatine phosphokinase, triglycerides
  mataas na antas ng mga sumusunod na nakita sa pagsusuri ng dugo: potassium, enzymes sa liver (ALT, GGT) bilirubin, creatine phosphokinase, triglycerides
- appetite changes *pagbabago sa ganang kumain*
- uterine leiomyoma (benign tumor of the uterus) *uterine leiomyoma (benign tumor sa matres)*
- depressed mood, depression, anxiety *pagkamalungkutin, depresyon, pagkabalisa*
- absence of menstrual periods, altered menstrual bleeding, pelvic pain, ovarian cysts, vaginal discharge and dryness
  walang buwanang dalaw, naiba ang iskedyul ng buwanang dalaw, may kirot sa sasapnan, bukol sa obaryo, may likidong lumalabas sa pwerta at panunuyo
- hair loss, increased sweating, itching, rash, seborrhoea (greasy skin), dermatitis (inflammation of the skin)
  pagkalagas ng buhok, mas pinagpapawisan, pangangati, pamamantal, seborrhoea (malangis na balat), dermatitis (pamamaga sa balat)
- elevated blood pressure, hot flushes *mataas na presyon ng dugo, mainit na hulab sa sarili (hot flashes)*
- hypersensitivity *hypersensitivity*

Rare: may affect up to 1 in 1,000 people: Bihira: may epekto sa 1 hanggang 1000 katao:
- contact lens intolerance *hindi kayang magcontact lens*
- weight loss *pagkabawas ng timbang*
- excessive amount of urine *masyadong maraming umihi*
